BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 14 10.00 DEC. 30, 2024 - JAN. 5, 2025

## New Year Hopes: Happy Birthday To Me, etc...

REVANZE



## Cong. Erwin T. Tulfo, ikaw ba si Erich Sylvester Tulfo?

Here n There



# 'Most Corrupt Budget'

Sa kabila ng pagtiyak ng Malakanyang na maayos, sumusunod sa atas ng Konstitusyon ang pinirmahang 2025 national budget, nagbanta ang maraming grupo na maglulunsad ng malawakang protesta labansa administrasyon ni Pangulong Bongbong Marcos.

Maraming poliical analyst, kabilang si Prof. Cielo Magno, mga sikat na vlogger tulad nina Sass Rogando Sasot, Joie De Vivre, Atty. Trixie Cruz-Angeles, Krizette Laureta Chu, dating Exec. Secretary Vic Rodriguez, Atty. Glenn Chong at iba ay kinondena ang pinirmahang badyet na tinawag na "Most Corrupt" sa buong kasaysayan ng Pilipinas.

Umabot sa P6.352 Trillion ang pambansang badyet na pinirmahan noong Dis. 30, 2024 ni PBBM.

Marami ang kumokontra sa pagkaltas ng P10 billion sa badyet ng Department of Education (DepEd) na idinagdag sa pondo ng Department of Public Works and Highways (DPWH).

Nagalit ang maraming mamamayan nang bigyan ng zero budget at hindi binigyan ng subsidiya ang Philippine Health Insurance Corp. o PhilHealth.

Marami pang bahagi ng inokeyang 2025 national badyet ang tinututulan ng maraming samahan.

Samantala, tuloy ang itinakdang pambansang peace rally ng Iglesia Ni Cristo (INC) sa Enero 13 na ayon sa marami ay protesta sa inihaing impeachment complaint versus Vice President Inday Sara Duterte,

Nagpahayag rin ang mga kasapi ng Kingdom of Jesus Christ (KOJC) at iba sekta ng reliyon na sasali sa INC peace rally./ Liza Fe Bonete



Matapos pirmahan ang 2025 national budget, sinabi ni Pres. Bongbong Marcos na gagamitin ito sa pagpapalago ng ekonomya at pagpapabuti sa buhay ng susunod na henerasyon.

Aniya: "The Filipino people have spoken, and every centavo must go toward strengthening communities, uplifting lives, and securing the country's future development."

Ipinagmalaki pa ni Marcos na inalis niya sa badyet ang mahigit sa P194 bilyon na hindi makatutulong sa pagpapabuti ng kabuhayan ng bansa.

## Despite the controversy: Erwin Tulfo returns to free TV

Deputy Speaker ACT-CIS partylist Rep. Erwin Tulfo is returning to primetime broadcast as a main anchor of a major newscast that will be airing on free television at PRTV Prime Media.



This despite the controversy surrounding his alleged US citizeship and allegation of acquiring a US passport using another person's identity.

Together with former ABS-CBN reporter Nina Corpuz, Tulfo will co-anchor "Arangkada Balita" -- a one-hour newscast that will air from Monday to Friday at 5:30 p.m. starting January 6 on 31.1, PRTV Prime Media's digital free television channel.

Tulfo concurrently hosts public service programs on PYV and the state-run Radyo Pilipinasradio station.

Tulfo is running for senator in the 2025 elections under the Marcos administration-backed Alyansa para sa Bagong Pilipinas.

## Boga, Kwitis at iba pang paputok, sanhi ng maraming nasaktan sa pagsalubong sa 2025

P2

## Ika-4 na impeach Complaint vs Sara Duterte, niluluto na

Kahit ilang pang impeachment complaint ang isampa laban kay Vice President Sara 'Inday Sara' Duterte, sinabi ng kampo nito na handang-handa sila na humarap sa Kamara at sa Senado.

Ito ay kaugnay ng sinabi ni House Secretary General Reginald Velasco na ilan pang kongresista na kaalyado ni Speaker Martin Romualdez ang kasalukuyang naghahanda sa pagsasampa ng ika-4 na reklamo laban kay Inday Sara.

Una rito, sinabi ni Velasco na bago natapos ang sesyon ng nakaraang taon 2024, naipasa ang unang impeachment complaint at sa pagbubukas ng sesyon ngayong bagong taon 2025, ipadadala ito sa Office of the Speaker.

*Sundan sa pahina 2*



## Thank You God

Sa Ganang Akin



## Gov. Tolentino nagbabala sa publiko: Maging alerto, 'wag magpaloko

sundan sa pahina 4

## Researchers eye more partners to test hand-writing tool research

see P.4


dating SolGen Jose Calida


Atty. Ferdie Topacio


Atty. Sal Panelo


Cong. Rodante Marcoleta


Atty. Victor Rodriguez


dating Pres. Rodrigo Duterte

# Ika-4 na impeach Complaint vs Sara Duterte, niluluto na

*Mula sa pahina 1*

Idadaan sa 10 araw na sesyon ang complaints sa Order of Business of the House, saka ihahain sa plenaryo sa loog ng tatlong magkakasunod na araw bago ihatid sa complaints to the House Committee on Justice.

Kung makita na tama sa "form and substance" at makakuha ng botong one-third ng lahat ng kongresista, ipadadala sa Senado ang impeachment complaint laban kay Duterte.

Sa ganitong proseso rin dadaan ang ikalawa at ikatlong complaint laban sa bise-presidente.

Nagpapahayag na sina Atty. Sal Panelo, Atty. Ferdie Topacio, Cong. Rodante Marcoleta, dating Solicitor General Jose Calida at dating Pres. Rodrigo Duterte na tatayo sila na abogado sa gagawing pagdinig sa Senado.

Tatayong mga senator-justice ang mga senador at tatayong prosecutor ang mga kongresistang nagsampa ng kasong impeachment laban kay Inday Sara. /Janet W. Bilbao


# Boga, Kwitis at iba pang paputok, sanhi ng maraming nasaktan sa pagsalubong sa 2025

Umabot sa 534 ang kabuuang bilang ng Firework Related Injuries (FWRI) mula Disyembre 22, 2024 hanggang alas-6 ng umaga ng Enero 2, 2025.

Ayon sa ulat ng PNP Region 4-A.mas mababa ito ng 9.8% kumpara sa 592 kasong naitala noong 2024.

Sa report, sinabing ang kwitis at boga ang pangunahing sanhi ng FWRI na naitala sa 62 sentinel sites na binabantayan ng DOH.







Siyamnapu (90) sa kabuuang kaso ang nasabugan ng Kwitis habang 79 ang kaso ng nasabugan ng Boga.

Marami sa biktima ay nasa edad 19 anyos pababa na a umabot 322 kaso.

Dagdag pa rito, 254 na kaso ay mga aktibong gumamit ng paputok.

Sa pag-iikot naman ng DOH noong Huwebes, Enero 2 sa mga ospital, ipinakita sa tala ng Philippine General Hospital (PGH) nagkaroon ito ng taltlong (3) kaso ng amputations o pagputol sa bahagi ng katawan mula sa kabuuang 17 kaso ng FWRI na naitala ng ospital mula Disyembre 21, 2024 hanggang Enero 2, 2025.

Inikutan din ng Kagawaran ang Tondo Medical Center na nakapagtala ng 56 Ba kaso ng FWRI mula Disyembre 21, 2024 hanggang Enero 2, 2025.

Sa naturang bilang, 29 ang nagpaputok habang nakainom ng alak, at isang tao ang isinailalim sa amputation.

Matapos naman ang sunud sunod na handaan, binabantayan pa rin ng DOH ang mga kaso ng non-communicable diseases (NCDs) tulad ng acute stroke, acute coronary syndrome (ACS), at bronchial asthma mula sa walong sentinel sites sa bansa.

Sa pagbabantay ng DOH, lumabas na tumataas ang bilang ng mga stroke patients sa pagsalubong ng bagong taon.

Mula sa 12 na naitalang kaso ng stroke noong Disyembre 23, umakyat ito sa 146 na pasyente noong Enero 2, 2025.

Dalawa sa nasabing bilang ang namatay.

Naitala ang pinakamataas na bilang ng stroke patients na nasa 45 hanggang 64 years old. Nakapagtala naman ng 140 stroke cases ang PGH, habang 41 sa Tondo Medical Center.

Mula naman sa 2 kaso ng acute coronary syndrome (ACS) noong Disyembre 22, umakyat na sa 74 ang ACS patients na naitala ng ahensya mula sa sentinel sites hanggang Enero 2, 2025.

Isa (1) naman sa nasabing bilang ang namatay.

Nasa 55 anyos hanggang 74 ang mga pasyenteng tinamaan ng ACS.

Nakapagtala naman ng 63 kaso ang PGH, habang walo sa Tondo Medical Center.

Ang ACS ay ilang kondisyon na nauugnay sa biglaang pagbabago sa daloy ng dugo sa puso. at kasama sa mga kundisyong ito ang myocardial infarction o atake sa puso.


Kasalukuyang binabantayan ng DOH ang kaso ng bronchial asthma dahil sa usok mula sa mga paputok.

Mula 6 na kaso noong Disyembre 22, umakyat sa sa 80 ang inatake ng matinding hika noong Enero 2 at mga sanggol ar bata na 9 na taon ang naging biktima ng matinding usok ng paputok

Apatnapu't anim (46) ang naitalang bronchial asthma cases ng PGH, habang 11 sa Tondo Medical Center.

# CJ Gesmundo describes 2024: Year of growth, transformation for judiciary

In his New Year's message on Tuesday, Dec. 31, Chief Justice Alexander Gesmundo said that "year 2024 has been a period of profound growth and transformation."




Gesmundo said that the reforms in the judiciary "have not only been about strengthening the very foundations of justice– ensuring that our judicial system serves the people with fairness, efficiency, and integrity; providing equal access to all, regardless of background or circumstances; and leveraging technology to equip the judiciary in meeting the demands of a rapidly-evolving world."

He admitted admitted that during the implementation of reforms "we faced difficulties."

The chief magistrate urged the judiciary to "continue to embrace the ongoing reforms with the same dedication and determination that have defined our journey thus far."

# Cong. Erwin T. Tulfo, ikaw ba si Erich Sylvester Tulfo?



## Here n There

★ ELI TAPARAN ii

Kailan kaya magbibigay ng paliwanag si pareng Erwin Teshiba Tulfo tungkol sa alegasyon na siya rin ang Kanong si Erick Sylvester Tulfo)?

I find him mabait, matulungin, lalo na sa kapwa media person: dalawang uli kaming naging magkumpare ni Erwin, una, sa anak ni Manila Bulletin coress, pareng Del Villanueva at ikalawa, sa anak ni People Journal reporter 'Domingo' Valdecantos.

Kapwa yumao na ang dalawang kumpare natin, Cong. Erwin, now balik tayo sa tanong: is there any truth to these allegations pertaining to the alleged identity theft, based on the letter from the US Embassy in Manila.

Totoo ba, pareng Erwin na ikaw ay nabigyan ng US citizenship at US passport sa pag-angkin sa pangalan ng ng isang Erich Sylvester Tufo na ipinanganak daw sa Hawaii noong Dis. 30, 1963?

Assuming another person's identity, is a US Federal felony at criminal offense din sa Pilipinas.

So, far, wala pa akong nababasa, napapanood sa TV o sa social media na ikinakaila, pinabubulaanan at itinatanggi mo, pareng Erwin na ikaw at si Erich ay iisang tao.

Pero sa sulat ng US Embassy, sinasabi na inamin mo raw na si Erich at ikaw, ay iisang tao lamang -- at ito ang naging dahilan ng pagbawi at pagpapawalang bisa ng ibinigay sa iyo na US passoort.

Totoo ba na inamin mo, Cong. Erwin na ikaw nga si Erich Sylvester Tulfo?

If it is true and if it were, that Erwin Teshiba and Erich Sylvester Tulfo are one and the same person, naykupo, malaking problema ito.

Ang isyu ng iyong pagiging Kano, bukod sa mga Libel conviction mo, ang mga dahilan ng pagtanggi o non-confirmation mo para maging permanenteng DSWD secretary -- na naipakita mo ang iyong mahusay na pagtupad sa tungkulin.

Kalat na kalat ang paratang sa iyo, pareng Erwin na ikaw ay sinungaling at manloloko.

Sayang, pare ko, kasi, sa lahat ng survey, pumupuwesto ka sa Top No. 1 at hindi ka bumababa sa Top 5 at sabi ng mga political observers, siguradong mananalong kang senador sa May 12, 2025 midterm elections.


Hindi pwedeng manahimik ka na lamang at hindi sagutin ang liham sa iyo ng US Embassy na ang paratang pineke mo ang pagiging mamamayang Kano.

Kung peke naman ang sinasabing sulat daw mula sa US Embassy sa Maynila, aba, gamitin mo ang tribuna ng Kamara upang pasinungalingan ito.

If the said letter is not true, then whoever wrote and circulated online and in social media that alleged you and Erich are one and the same person, you Rep. Erwin should and must belie such allegations of fraud, criminality & deceit!

Kung inusig ng House QuadComm at ng Senado si Bamban

# Thank You God



## Sa Ganang Akin

★ ADELA R. ZAMORA

Bagong taon na naman, at sa lahat, kalungkutan, kasiyahan, pangungulila, mga pag-aalaala ng mga mahal sa buhay, I thank You Lord God, sa patuloy na kaloob Mo pong buhay at lakas sa akin.

Ngayon papasok ang Year 2025, sa aking pag-iisa, nakagiliwan kong basahin ang ilang mahahalagang verso sa Biblia, at nais kong ibahagi ito sa ating BantayBalita readers.

Sa Psalm 118:24, ipinapaalaala sa atin ang magbunyi sa lahat ng ginawa ng ating Diyos, ito ang sinasabi: "This is the day that the Lord has made; let us rejoice and be glad in it."

Kahit ano pa ang kapalaran natin sa nagdaang taon 2024, at sa 2025 na darating, unahin natin ang pagpapasalamat sa Lord Almighty Father at sa ating Lord Jesus.

Kaysarap basahin ito sa 1 Corinthians 1:4: "I give thanks to my God always for you because of the grace of God that was given you in Christ Jesus."

At sa 1 Corinthians 15:57:"But thanks be to God, who gives us the victory through our Lord Jesus Christ."

At muli sa 2 Corinthians 9:15: "Thanks be to God for his inexpressible gift!"

Nitong nakalipas na Pasko, naaalaala ko at pînasasalamatan ang aming publisher, Sir Kuya Domz Caoile, at ang aming Cavite media guru at kahit retirado nang newspaper editor ay nagtitiyaga pa rin kami na matulungan, salamat Sir Eli Taparan.

Hindi ko malilimot ang kagandagang loob nina Ms Franz Orlain ng Cavite Times Journal at ni Ms. Becka Velasquez ng Pulso ng Makabagong Cavitenyo at Exec. VP ng Publishers Association of the Philippines, at last but not the least, si Ms. Nena Mallari ng Herald News Publications.

At sa marami pang mabubuting tao na sa mga kagipitan ko, ay laging nagbibigay ng tulong sa inyong mahigit sa 80-anyos na kolumnista.

Para sa inyo ito: Ephesians 1:16: "I do not cease to give thanks for you, remembering you in my prayers."

At muli sa Ephesians 5:20: "Giving thanks always and for everything to God the Father in the name of our Lord Jesus Christ."

Sa aking pag-iisa, ito ang gumagabay sa akin, na binabasa ko bago ako matulog, Isaiah 41:10: "Fear not, for I am with you; be not dismayed, for I am your God; I will strengthen you, I will help you, I will uphold you with my righteous right hand."

Happy New Year po sa ating lahat!

@@@

Sana, magkaroon kami ng time ng katropa sa BantayBalita na mapuntahan ang ipinagmamalaking Ayong Adventure (in honor po ng aming yumaong magaling na Boss Cavite Gov. Ayong S. Maliksi).

Nasulyapan ko ito sa Facebook Page ni Imus City Councilor Ma'am Jelyn L. Maliksi, ang ever beautiful na kabiyak ng puso ni former City Mayor Emmanuel 'Manny'






BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1,
Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: bantaybalitanews59@gmail.com / taparaneliseo@gmail.com
lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369
ISSN No. 2984-8563

**HENRY E. CAOILE**
*Founder*

**DOMZ B. CAOILE**
*Publisher*

**ELI TAPARAN II**
*Editorial Consultant*

**ADELA R. ZAMORA**
*Special Projects Director*

**JANETH W. BILBAO**
*Circulation Manager*

**GENE T. TAN**
*Chief of Reporters*

member
papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# Researchers eye more partners to test hand-writing tool research

Local researchers have developed a handwriting assessment tool, are looking to get more partners to conduct more tests across the country.

The Intelligent Stroke Utilization, Learning, Assessment, and Testing (iSULAT) is an intelligent pen that provides a practical solution for assessing children's handwriting to provide objective evaluation based on the most common handwriting tools, such as tests of Visual-motor skills, Minnesota handwriting assessment, and an evaluation tool for children's handwriting.

The iSULAT has a microcontroller within the pen, which transmits data to a mobile application.

The raw signal undergoes filtering, feature scaling, engineering data, and analyses before it is forwarded to the occupational therapist for diagnosis.

Through the pen, the occupational therapist can efficiently assess one's handwriting based on the alignment of letters, spacing, and consistency.

A separate report mentioned that the number of handwriting problems in developing children reached an approximate 5 to 25 percent range.

Handwriting is still the most immediate form of graphic communication and failure to attain proficiency during the school-age year may result in far-reaching negative effects on both the academic success and self-esteem of a child.

This project was funded by the Department of Science and Technology-Philippine Council for Health Research and Development (DOST-PCHRD), with a budget of PHP3.2 million for its initial phase.

“Yung mga ganitong invention, kailangan niyan ng testing. Hindi lang isa. Dapat tine-test siya ng mas marami para mas ma-check kung accurate or kung maganda na yung pine-perform ng prototype,” said Engr. Jomel Herras, Project Manager of iSULAT.



Engr. Herras added that his team is looking for more enthusiasts and partners who will help them promote iSULAT to gain more users from various locations.

The iSULAT is one of the technologies featured in the recently concluded 2024 National Science and Technology Week, held in Cagayan de Oro City from 26 November to 01 December 2024.

“Basically ina-address na problem ni iSULAT is yung kakulangan natin ng occupational therapists at mahal na cost ng therapy," said Engr. Herras.

"Siguro yung pinaka rootproblem ay yung problema ng mga bata sa kanilang handwriting. They do it in their everyday lives. Nagsusulat sila even in Math, Arts, and English subjects. Yung ibang mga bata, hindi sila enthusiastic kaya akala natin tamad lang sila magsulat," Herras added.

With the help of iSULAT, children with handwriting problems can undergo simultaneous testing in batches or groups.

During phase I, the project team conducted pilot testing for children ages 6-10 in three sites across Luzon namely Villa Maria Elementary School in Porac, Pampanga; Juan Sumulong Elementary School in Metro Manila; and Bulacan Montesorri School Inc. in Bulacan.

Herras said that phase I of the project started in 2022 and ended last 31 October 2024.

“Hopefully by 2026 ay mayroon nang phase II na kung saan ay maiaapply na natin ito hindi lang para sa mga bata," Herras explained. He added that the project targets those with Attention Deficit Hyperactivity Disorder or ADHD and autism.

The project team has secured a partnership with the Department of Education (DepEd) Division of Metro Manila for future testing.I

Visitors of the 2024 National Science and Technology Week (NSTW) try the iSULAT pen technology developed by researchers from the University of Sto. Tomas. This project was funded by the Philippine Council for Health Research and Development. /Claire Bernadette A. Mondares, FOSY-STII, photos courtesy of DOST-PCHRD

## Crime of Passion?

Pinatay, saka sinunog ng isang lalaki ang dating kasuyo dahil sa matinding selos.

Sa isang sinumpaang salaysay ng pag-amin sa krimen, sinabi ni alias 'Mando' na tindi ng magkahalong galit at selos, sinakal at napatay niya si alias 'Rona,'sa loob ng kailang bahay sa Barangay Molino, Bacoor City noong Dis. 19, 2024.

Inamin ni Mando sa mga imbestigador ng e Bacoor Component City Police Station (CCPS) na noong Dis., 21, 2024, isinilid niya sa isang sako ang biktima, saka sinunog sa isang bakanteng lote.

Crime of passion ang hinihinalang motibo ng krimen, sabi ng pulisya.

Kasong murder ang isinampa laban kay Mando na nakapiit sa detention cell ng CCPS.

# Gov. Tolentino nagbabala sa publiko: Maging alerto, 'wag magpaloko

Kumakalat ngayon sa social media ang mga account na gumagamit sa pangalan ni Cavite Gov. Athena Tolentino.

Dahil dito, nagbabala ang gobernadora sa publiko, lalo na sa mga kababayan na iwasang magbigay ng mga personal na impormasyon sa lumalabas na social media accounts na gumagamit ng kanyang pangalan at larawan.

Nagpapanggap ang pekeng accounts na nagpapanggap na siya si Gov. Tolentino, sabi ng gobernadora.

'Maging alerto at huwag magpalok," sabi ni Tolentino.

Nanghihingi ng pera, investment at iba pang ayuda ang mga pekeng accounts.

Ipinapayo ni Tolentino na 'wag magpaloko at 'wag magbigay ng mga personal na impormasyon sa mga social media account na nagkukunwaring siya si Gov. Tolentino.



# Maragondon, tuloy-tuloy ang serbisyong UmaaksyonAgad

Sa pagsisimula ngayong taon 2025, nagpaalaala ang pamahalaang lokal ng Maragondon na bukas na mga opisina ng Tresurero, Business Permit and Licensing Office at iba pang opisina ng munisipalidad na may kinalaman sa pagbabayad ng taunang buwis.

Ayon sa Public Information Office, tumatanggap na ng aplikasyon ang Business One Stop Shop (BOSS) sa mga nais kumuha ng business permit mgayong taon 2025.

Samantala, sinabi ni Mayor Lawrence 'Umbe' Arca tuloy-tuloy ang serbisyo ng pamahalaang lokal sa mga mamamayan tungkol sa edukasyon, kalusugan, impraestruktura at mga kailangang tulong sa mga senior citizen, solo parents at PWDs.

Bago natapos ang taon 2024, bunga ng mahusay na serbisyo, itinanghal si Mayor Arca na isa sa Top 10 Performing Mayor ng Cavite, ayon sa resulta ng survey ng Hypothesis Philippines.

Top 2 si Mayor Arca sa survey na kumuha ng 94.5% kasunod ni Carmona City Mayor Dahlia Loyola sa Top 1 (95.2%).

At ayon sa Department of Finance Order No.074, series 2024, sa loob ng dalawang taon na panunungkulan ng tambalang Mayor Arca at Vice Mayor Bernie Ilagan, kasama ang Sangguniang Bayan at mga opisyal ng lokal na pamahalaan, umangat ang kalagayan ng pananalapi nito kaya itinaas ang Maragondon bilang 2nd class municipality.

"Umasa po kayo, kami po sa pamahalaang bayan, ay lalong magsusumikap upang mas mapaunlad pa ang buhay at kabuhayan ng lahat nating mamamayan," sabi ni Mayor Arca sa mensahe niya sa unang araw ng trabaho sa munisipyo ngayong taon 2025. /DBC



Mayor Umbe Arca




VM Bernie Ilagan




## HMO allowance to civilian gov't workers

Starting this year, civilian government workers will be receiving a medical allowance for a health maintenance organization or HMO's services of up to P7,000 per annum.

The Department of Budget and Management (DBM) said Thursday, January 2, that the allowance applies to all types of those employees working on a regular, casual, contractual, appointive or elective, full-time, or part-time basis.

"This is a promise fulfilled. This medical allowance is not just a benefit, it's a vital investment in safeguarding a healthy workforce and ensuring that they perform at their best," DBM Secretary Amenah Pangandaman said.

The beneficiaries can receive the medical allowance in the form of HMO coverage either through their government agencies or employee organizations.

Those who will avail of their own HMO providers or have already paid for medical services can receive the allowance in cash.

# Tradisyon ni Don Ramon Revilla, tuloy-tuloy





Noong nabubuhay pa si dating Sen. Ramon Revilla Sr., lagi nitong tinitipon ang pamilya at nanalangin sa loob ng Imus Catheral ilang minuto bago ang pagsalubong sa Bagong Taon.

Mula nang yumao siya ay yumao, tuloy-tuloy itong pinapanata ng pamilya Revilla.

Ilang minuto bago matapos ang taon 2024, kasama ni 2nd Cavite Dist. Rep. Lani Mercado-Revilla ang kanyang pamilya, at sa Katedral ay nag-alay ng panalangin sa pagsalubong ng Bagong Taon.

Ayon kay Lani, pagpapakita ng paggalang sa kanyang biyenan ang patuloy na pagsunod sa tradisyon nito.

Pagpapasalamat din ito, sabi ng kongresista sa Panginoong Diyos sa mga biyayang kaloob sa kanilang pamiya.

"The tradition continues… It has been the tradition of my father-in-law Ramon Revilla Sr. to be at the Imus Cathedral a few minutes before New Year's Day," sabi ni Rep. Revilla.

Aniya, kahit wala na ang biyenan, ipinagpapatuloy nila ang tradisyon bilang tanda ng pagsamba at pagmamahal sa Diyos.

"xxx, we continue this tradition as a sign of our love for God and to thank Him for the blessings he has given us in 2024. We pray that 2025 will be a better year for all of us. May peace and love reign this 2025. We love you Lord!!!" sabi ni Cong. Mercado Revilla. /Eli Taparan II

# PhilHealth boosts benefit packages for heart diseases

The Philippine Health Insurance Corp. (PhilHealth) maximize the coverage of its benefit packages for heart diseases by as much as 1,629%.

PhilHealth announced the enhanced benefit packages on Thursday, January 2, as detailed in Circular 2024-0032 issued on Dec. 21, 2024.

For inpatient admissions, Filipinos with ischemic heart disease — a condition caused by reduced blood flow to the heart — and acute myocardial infarction, or heart attacks, can now avail of increased coverage under two enhanced benefit packages.

The reimbursement rate for percutaneous coronary intervention, a non-surgical procedure to clear blocked arteries and remove plaque buildup, has been raised to P523,853 — about 17 times higher than the previous coverage of P30,300.

Patients may avail of this procedure at any of the 70 accredited cath labs in the country.

The second enhanced package covers fibrinolysis, a treatment for dissolving blood clots. It now has a case rate of P133,500, or a 341% increase from the previous amount of P30,290.

The state insurer also increased the benefit package for emergency medical services with coordinated referral and interfacility transfers to P21,900 and cardiac rehabilitation to P66,140.

The total value of the benefit packages covers both the payment to the healthcare institution and the fees for healthcare professionals.

The benefit packages also cover services such as emergency care, medications, laboratory tests, medical supplies, equipment, and other administrative fees.

They will apply to accredited public and private health facilities classified as Levels 1 to 3, equipped to provide the necessary medical treatments and procedures. The levels correspond to the range of services each hospital can offer.




PhilHealth President Emmanuel Ledesma Jr. said they worked with partner health facilities to adjust reimbursement rates for heart diseases.

# Thank You God... *mula sa pahina 3*

Maliksi na balita ko ay tumatakbong kongresista ng 3rd Cavite District (Imus City).

Ito ang nakaanunsiyo: Ayong still Caviteños! Just a few days left to grab this amazing promo.

Book until Dec. 31, 2024 for your stay starting from December 2024 until March 31, 2025!

Ito ay para lamang sa inyo, dahil ang puso ni Ayong ay para sa Caviteño!

Don't miss out—book now!

Tara, tawag na!
0917 143 9902
Brgy Paligawan, Silang, Cavite
inquiry.ayongsadventurepark@gmail.com

#canyoneering #tagaytay #Naalonfalls #Pansolriver #swimming #motorcycle #familytime #Christmas #reunion #fyp #fypviral2024 #Cavite #naturelovers #fyp

Merry Christmas po at Manigong Bagong Taon sa ating Lahat

# Cong. Erwin T. Tulfo... *mula sa pahina 3*

Mayor Alice Leal Guo (a.k.a. Guo Hua Ping) na isang Chinese spy, aba, dapat ding maimbestigahan ang sinasabing pagiging peke mong Kano at posibleng pagiging peke mo rin Filipino.

Can someone from the US Embassy help us to verify the authenticity of the letter that alleged pareng Erwin is also the person named as Erich Sylvester Tulfo.

Teka, ang tatay po ni Hon. Erwin T. Tulfo ay ang yumaong bayaning Philippine Constabulary Col. Ramon Silvestre Barcarcel Tulfo Sr.

Para sa inyong komento, magmensahe sa taparaneliseo@gmail.com

**Advertise with us!**

We are now offering publication of legal requirementsy for:
* Extra-Judicial Notices * Self-Adjudication *Correction in Live Births *Correction in Names and Surnames* Affidavit of Loss* Obituaries, and other legal notices, notarial services and other publication needs.
Email us at domzcaoiile@yahoo.com; taparaneliseo@gmail.com; sarfia926@gmail.com; arzmedia777@yahoo.com; or text/call: 0927-489-0759 /0928-940-6369.
Please contact us for inquiries.

Republic of the Philippines
Fourth Judicial Region
REGIONAL TRIAL COURT
OFFICE OF THE CLERK OF COURT
City of Bacoor
Email: rtc1bcrocc@judiciary.gov.ph.
Telephone No. 09273707489

**CHINA BANKING CORPORATION,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 2024-219**
-versus- For: Extra-Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage

**SPS. CECILIO L. CENABRE AND HIDELIZA T. CENABRE,**
Mortgagors.
x----------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE**

Upon Extra-judicial Petition for Sale under Act 3135 as Amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **CHINA BANKING CORPORATION,** at 8745 Paseo de Roxas cor. Villar St., Makati City, and against the mortgagors, **HIDELIZA T. CENABRE for herself and as Attorney-in-Fact of her husband CECILIO L. CENABRE** at Block 11 Lot 50, California West Hills Subdivision, Buhay na Tubig, Imus, Cavite, 4103 and Lot 2 Block 1 PCS-193, Bellazona-Navarre Townhomes Phase 1A, Barangay Molino III, Bacoor City, Cavite 4102, to satisfy the mortgagee indebtedness which as of November 04, 2024, amounts to TWO MILLION TWO HUNDRED TWELVE THOUSAND TWO HUNDRED PESOS & 51/100 (P2,212,200.51), Philippine Currency, inclusive of interest, and penalty charges but exclusive of other feeS incident to this foreclosure, the undersigned or her duly authorized representative will sell at the public auction on January 21, 2025 at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, at the main entrance of the Hall of Justice of Bacoor City, Cavite, to the highest bidder for CASH and In Philippine Currency, the following described property with all the improvements thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 167-2017002183**

**LOT NO:** 2 **PLAN NO:** PCS-04-028193
**PORTION OF:** LOT 5515-A-2, PSD-04-011354 AND LOT 5515-A-3-A AND 5515-A-3-B, PSD-04-173045; LRC REC. NO. 8843
**LOCATION:** BARANGAY OF MOLINO, MUNICIPALITY OF BACOOR, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON.
**AREA: SEVENTY SQUARE METERS (70), MORE OR LESS**

"All sealed bid must be submitted to the undersigned on the above stated time and date."

"In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on January 28, 2025, without further notice."

Prospective buyers or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property and encumbrances, if any there be.

City of Bacoor, December 10, 2024.

**(Sgd.) MELY C. HERMOSURA-VISTA**
Clerk of Court VI
By:
**(Sgd.) DEMETRIO T. VILLANUEVA, JR.**
Sheriff IV

Copy Furnished:

**ALCALA ALMEDA TAN ALANO MANINGDING ANASTACIO QUINTANILLA HOLGADO AND BRIONES (formerly ALCALA DUMLAO ALMEDA TAN ALAN ANG MANINGDING)**
4th Floor, Philcom Building 8755 Paseo de Roxas, Makati City

**SPS. CECILIO L. CENABRE AND HIDELIZA T. CENABRE**
-Block 11 Lot 50, California West Hills Subdivision, Buhay na Tubig, Imus, Cavite, 4103
-Lot 2 Block 1 PCS-193, Bellazona-Navarre Townhomes Phase 1A, Barangay Molino III, Bacoor City, Cavite 4102

***WARNING:*** *It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this notice of Extra-judicial Sale on or before the date of sale.*

***BANTAYBALITA Publishing Services***
***December 16, 23 & 30, 2024***

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
REGIONAL TRIAL COURT
FOURTH JUDICIAL REGION
BRANCH 109
CITY OF CARMONA, CAVITE
2nd Flr., Hall of Justice Bldg.,
Brgy. Maduya, Carmona, Cavite
Email add: rtc2cac109@judiciary.gov.ph;
Tel. No. (046) 4828527

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND, (otherwise known as Pag-IBIG Fund),**
Mortgagee,

**EJF-2024-106**
-versus- For: EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

**ALBERT JR. E. SADANG,**
Mortgagor/Borrower.
x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon Extra-Judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND (otherwise known as Pag-IBIG Fund),** with postal address at The Petron Mega Plaza Building, No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City, against the mortgagor/borrower, **ALBERT JR. E. SADANG,** with postal address/es at 1.) Blk. 74 Lot 3 Brgy. Ipil II, Silang, Cavite; and 2.) Lot 32 Block 26, Phase 2, Terraverde Residences, Bangkal, Carmona, Cavite, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 19 November, 2024 amounts to ONE MILLION ONE HUNDRED NINETY NINE THOUSAND EIGHTY EIGHT PESOS AND 94/100 (PhP1,199,088.94), exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned or his duly authorized representative will SELL at public auction on February 6, 2025 at 1:00 o'clock in the afternoon at the Court Room of Branch 109, Regional Trial Court, Hall of Justice Building, Carmona, Cavite to the highest bidder for CASH or MANAGER'S CHECK, in Philippine currency, the mortgaged property/ies with all the improvements thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2021037744**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land situated in BARANGAY OF BANGKAL, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:

LOT NO: 32 BLOCK NO: 26 PLAN NO: PCS-04-030820
PORTION OF: CONS-SUBD. OF LOTS A-1, A-2, A-3 ALL OF PSD-04-238397 AND LOT 13, BLOCK 29, (RESERVED AREA), PCS-04-030323 LRC-RECORD NO. 146623
LOCATION: BARANGAY OF BANGKAL, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE, ISLAND OF LUZON

BOUNDARIES:

| LINE | DIRECTION | ADJOINING LOT(S) |
|---|---|---|
| 1-2 | SW | LOT 31, BLOCK 26, PCS-04-030820 |
| 2-3 | NW | ROAD LOT 32, PCS-04-030820 |
| 3-4-5-6-7-8 | NW, NE | ROAD LOT 30, PCS-04-030820 |
| 8-1 | SE | LOT 30, BLOCK 26, PCS-04-030820 |

TIE PORTION: BLLM NO. 1, MUNICIPALITY OF CARMONA, PROVINCE OF CAVITE

| LINE | BEARING | DISTANCE |
|---|---|---|
| TO CORNER 1 | S. 72 ° 11' W | 4274.66 M. |
| 1-2 | N. 68 ° 03' W | 8.62 M. |
| 2-3 | N. 10 ° 01' E | 6.73 M. |
| 3-4 | N. 22 ° 46' E | 0.88 M. |
| 4-5 | N. 48 ° 14' E | 0.88 M. |
| 5-6 | N. 73 ° 44' E | 0.88 M. |
| 6-7 | S. 80 ° 48' E | 0.88 M. |
| 7-8 | S. 68 ° 03' E | 8.06 M. |
| 8-1 | S. 21 ° 57' W | 9.00 M. |

AREA: EIGHTY FIVE SQUARE METERS (85), MORE OR LESS
DESCRIPTION OF CORNERS: ALL POINTS ARE REFERRED ON THE PLAN BY P.S. CYL. CONC. MONS 15X40 CMS

BEARINGS: TRUE
DECLINATION:
DATE OF ORIGINAL SURVEY: AUGUST 22 TO 23, 1917
DATE OF SUBD/CONS SURVEY: JANUARY 5-30, 2017
GEODETIC ENGINEER: ELMERITO C. ROBLES
NOTES:
xxxNOTHING FOLLOWSxxx

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on February 13, 2025 at the same time and place without further notice.

12th day of December, 2024 at
City of Carmona, Cavite.

**(Sgd.) BON GERARD D. ASCAÑO**
Clerk of Court VI
& Ex-Officio Sheriff

Prepared by:

**(Sgd.) JOSEPH R. DIOKNO**
Sheriff In-Charge

Copy furnished:

**HOME DEVELOPMENT MUTUAL FUND**
The Petron Mega Plaza Bldg.
No. 358 Sen. Gil Puyat Avenue, Makati City

**MARIA VICTORIA D. CAPIRAL**
**c/o ATTY. MICHAEL YANCY P. YNGSON**
Attorney-In-Fact, RECEIVERS AND LIQUIDATORS, INC.
Unit C, 10th Floor, Strata 2000 Bldg.
F. Ortigas Jr. Rd., Ortigas Center, Pasig City

**ALBERT JR. E. SADANG**
1.) Blk. 74 Lot 3 Brgy. Ipil II, Silang, Cavite
2.) Lot 32 Block 26, Phase 2, Terraverde Residences, Bangkal, Carmona, Cavite

***BANTAYBALITA News Publishing Services***
***December 23, 30, 2024 & January 6, 2025***

---

## EXTRA JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE SPOUSES MELQUIADES P. BAYAS AND LIBRADA P. BAWALAN - BAYAS

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **SPOUSES MELQUIADES P. BAYAS** WHO DIED ON OCTOBER 23, 2001 IN DE LASALLE UNIVERSITY MEDICAL CENTER, DASMARIÑAS CITY, CAVITE AND LIBRADA P. BAWALAN-BAYAS WHO DIED ON JANUARY 27, 2010 IN BRGY. BANAY-BANAY, AMADEO, CAVITE LEFT A PARCEL OF LAND LOCATED AT HALANG, AMADEO CAVITE, IDENTIFIED AS TAX DECLARATION NO. 02-0017-00703 CONTAINING AN AREA OF THIRTY THOUSAND SIX HUNDRED SEVENTY TWO (30,672) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. CESAR N. SANTIAGO UNDER DOC. NO. 336 PAGE NO. 68 BOOK NO. XXIV SERIES OF 2020 NOTARIZED DATE: SEPTEMBER 01, 2020

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 16, 23 & 30, 2024**

---

## SELF ADJUDICATION OF ESTATE OF ALMA BARRION DE TORRES WITH DEED OF ABSOLUTE SALE

NOTICE IS HEREBY GIVEN THAT THE ESTATE OF THE LATE **ALMA BARRION DE TORRES** WHO DIED LAST JUNE 17, 2024 AT TAPAYAS, BALATAN, CAMARINES SUR, LEFT A PARCEL OF LAND SITUATED AT THE BRGY. OF HALANG, MUNICIPALITY OF BIÑAN, PROVINCE OF LAGUNA COVERED BY TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. (060-2012027472) 170-2022005326 CONTAINING AN AREA OF THIRTY SIX (36) SQUARE METERS EXTRA JUDICIALLY SETTLED AMONG LEGAL HEIRS, EXECUTED BEFORE NOTARY PUBLIC ATTY. FE B. AÑONUEVO UNDER DOC. NO. 152 PAGE NO. 32 BOOK NO. 173 SERIES OF 2024 NOTARIZED DATE OCTOBER 11, 2024

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**DECEMBER 23, 30, 2024 & JANUARY 6, 2025**

# New Year Hopes: Happy Birthday To Me, etc...

BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
ENTERED AS A SECOND CLASS MAIL MATTER
ISSN No. 2984-8563
bantaybalitanews59@gmail.com
taparaneliseo@gmail.com
VOLUME 3 NO. 14 10.00 DEC. 30, 2024 - JAN. 5, 2025



REVANZE

★ Domz B. CAOILE

Welcome New Year 2025, at sa kabila ng mga pangamba sa nasaksihan, nangyari at nangyayaring away-politika sa ating bansa; ang pagturing na ang inokeyang budyet ni Pangulong Bongbong Marcos ay maayos at magtutulak ng dinamikong pagbabago, mas malakas ang sigaw ng marami, lalo na sa sektor ng government at private workers, na bad, very "bad yet" ang P6.326-Trillion.

We hope, maiukol sa mabutbuting programa ang trilyong pisong pera ng bayan, nang makahinga-hinga naman nang maluwag ang milyon-milyong pamilyang Pilipino.

Bago at natapos ang pagsalubong sa Bagong Taon, kabi-kabila ang pahayag ng pagkakaisa -- mula sa lokal at pambansang lider natin, pero eto na tayo, sa unang mga araw, balik uli tayo sa away politika.

Ay, niluluto na raw sa Kamara ang ika-4 na impeachment complaint versus VP Inday Sara, ito ay sa kabila ng pahayag ni PBBM sa mga kaalyado na walang mabuting idudulot sa bansa ang pagpapatalsik sa dating kakamping bise-presidente.

Ang aming suggestion sa ating mga lider pambansa na mas unahin ang kapakanan ng mamamayan, napawi kasabay ng ingay ng firecrackerks, magarbo at maningning na fireworks.

Lalo at sa susunod na buwan, magsisimula na ang mainitang kampanya para sa midterm elections sa May 12, 2025.

Samantala tayong dugyot ang pamumuhay, tipid-tipid sa di-kailangang paggastos; mas unahin ang kalusugan pagkat aanhin ang kayamanan kung gupo sa sakit ang katawang-lupa.

At sa kabila ng lahat, magpasalamat tayo, nananatili pa rin ang ating buhay, ang lakas na patuloy na ipinahihiram ng ating Amang Diyos.

Maging aral sa atin ang di-magagandang karanasan at kabiguan, at manatiling nagtitiwala na ang pagsubok na darating ngayong 2025 ay matagumpay nating malalampasan at mapananatili natin ang pag-ibig sa kapwa, pagpapatawad at higit sa lahat ang pag-asa sa magagawa ng makapangyarihang Ama sa ating buhay.

At sa election, matuto na tayo na maghalal ng matitinong lider, opo, let us elect leaders to lead.

Opo, again, happy new year.

@@@

Happy 18th birthday sa panganay na anak nina Sister Ederlyn Taparan-Lumabi at Brother Reden Lumabi.

18 ka na, Nylred, at ito ay isang bagong baytang ng iyong masaya, maraming pagsubok sa buhay (at pag-ibig) sa darating na mga taon.

Sabi nga ng mommy mo, na ka-birthday mo (Dis. 28), exciting and scary, be wise, at ang daddy, mommy mo, lahat ng iyong kaanak, lalo na ang mga tito, tita at nina Grandpa Eli at Grandma Emma, laging nakasuporta sa iyo.

Happy 18th birthday Nylred and Sister Dean Ederlyn

@@@

Ako, naman nitong Dis. 29, hehehe, Happy Birthday to me!

Isang simpleng gift-giving ang idinaos natin sa editorial office ng BantayBalita sa Barcelona 1 (Camella Subdivision) sa Brgy. Buhay Na Tubig, Imus City, at dito, mahigit sa 50 na kapitbahay at mahigit na 30 bata ang binigyan natin ng regalo na may kalakip na P50 na bahala na sila kung ano pa kaya ang mabibili ng halagang iyon.

Mula nang simulan namin, (maraming salamat kay Bro. Eli Taparan, BB edtorial consultant niow based in Vancouver, BC, Canada, ating munting staff), muling naitawid natin ang ikalawa at ngayon ay ikatlong taon ng ating munting pahayagan.

Kaya po, every Dec. 29, bilang pasasalamat sa ating Amang Diyos na Makapangharihan sa lahat, ang ating kaarawan ay idinadaos natin sa munting gift-giving.

Pasasalamat din po ito sa patuloy na buhay at lakas na ipinahihiram Niya sa akin at sa lahat ng aking minamahal sa buhay, mga kapatid, kaanak at kasama sa media.

Mas gusto kong birthday gift ay ang magbigay ng kahit konting tulong sa mga mas nangangailangan at kapos-palad nating kababayan.

We hope, mas magiging mapalad tayo ngayong 2025 at mas magiging matapang tayo, matatag sa mga pagsubok sa buhay.

Sinusulat natin ito, naghahanda naman ako sa renewal ng mga permit ng inyo pong pahayagang BantayBalita at sa wedding day (January 4) ng aking bunsong anak, si Teacher Diana.

God bless us all.



